AHA! LEARNING CENTER'S

**ESKWELANG PAMILYA**

/ahalearning /ahalearns

**WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL**

**Aralin 49**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 49** |
|---|
| Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - “Ako At Ang Neverland” |
| Content Creator: April Grace M. Garcia |

**Ako At Ang Neverland**

**WRITING PROMPT LESSON 49**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa araw na ito, sisimulan natin ang paglalakbay sa isang panibagong mundo! Handa ka na bang simulan ang isang panibagong adventure?

**II.Writing Prompt of the Day**

Isang magandang umaga, napagdesisyunan mong maglaro sa labas. Hindi gaanong maaraw at mainit. Hilig mong tumakbo nang mabilis na mabilis sa labas. Matapos mong tumakbo, bigla mong naramdaman na tila lumilindol!

Wala kang nagawa kundi pumikit sa takot. Pagmulat mo, nagulat ka dahil wala ka na sa labas ng inyong bahay. Ikaw ay namulat sa gitna ng Neverland! Sa pagkakaalala mo sa kwentong nabasa mo noon ay isang isla ang Neverland na ang malaking bahagi ay gubat. Alam mo rin na napapaligiran nito ng tubig dahil nga ito’y isang isla.

Tumingin ka sa paligid at nakita mo ang nagtataasang puno sa paligid, na hinahalinhinan ng mga punong may katamtamang taas.

Ikaw ay nasa kagubatang parte ng Neverland. Mahalaman din ang iyong kinatatayuan, puro halamang pamilyar ngunit hindi mo alam ang pangalan ang makikita sa paligid. Sa malayo'y tila walang katapusan ngunit narinig mo ang mahinang paghampas ng tubig dagat. Tumingin ka sa paligid. Ano pa ang nakikita mo? Dugtugan mo ang ating kwento!

•Habang tumitingin sa iyong paligid, ano ang nararamdaman mo?
•Bakit ito ang nararamdaman mo?
•Bigyang detalye ang iba pang nakikita sa Neverland:
  -May mga hayop ka bang nakikita?
  -May mga insekto rin bang lumiligid?
•Bakit ka kaya dinala ng lindol sa Neverland?

**III.Teacher's Message**
Isulat ang simula ng inyong adventure sa Neverland! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Ano kayang mangyayari sa iyong bigalaang pagdating sa Neverland? Abangan natin ang susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."